Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 NOBYEMBRE 1996, 9:00 NG UMAGA SA BARANGAY VICTORIA, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

HAPPY VALLEY

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

- -

KAPASYAHAN BLG. 127
Taong 1996

HAPPY VALLEY

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG VICTORIA AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang huling pulong sa buwang ito ay ginanap sa Barangay Victoria ngayong Nobyembre 25, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Victoria, gayundin ng mga mamamayang naghahangad na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Victoria at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Victoria sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Nobyembre 25, 1996.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Victoria at sa mga mamamayan nito ang taus-pusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Nobyembre 25, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Victoria at sa mga mamamayan nito ang taus-pusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Nobyembre 25, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Victoria, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Teodulfo P. Casa, Punong Barangay para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 25 Nobyembre 1996.

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. FASON
Municipal Mayor

mers/